Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

## Juan 21:1-19

Agosto 28-Septyembre 03, 2022

SMALL GROUP SESSIONS

Kamuning Bible Christian Fellowship

Dealing with SIN & FAILURES

# Juan 21:1-19

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Ikatlong Pagpapakita ni Jesus

1 Pagkatapos nito, muling nagpakita si
Jesus sa mga alagad sa tabi ng Lawa ng
Tiberias. Ganito ang nangyari: 2
magkakasama sina Simon Pedro, Tomas
na tinatawag na Kambal, Nathanael na
taga-Cana sa Galilea, ang mga anak ni
Zebedeo, at dalawa pang alagad.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

3 Sinabi sa kanila ni Simon Pedro,
"Mangingisda ako."

"Sasama kami," sabi nila.

Umalis nga sila at sumakay sa isang
bangka. Magdamag silang nangisda,
subalit wala silang nahuli. 4 Nang mag-
uumaga na, tumayo si Jesus sa pampang
ngunit siya'y hindi nila nakilala.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

5 Sinabi niya, “Mga anak, mayroon ba kayong
huli?”

“Wala po,” sagot nila.

6 “Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan
ng bangka at makakahuli kayo,” sabi ni Jesus.

Inihulog nga nila ang lambat at nang hilahin nila ito ay hindi nila makaya sa dami ng huli.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

7 Sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal
ni Jesus, "Ang Panginoon iyon!"

Nang marinig ni Simon Pedro na ang
Panginoon iyon, nagsuot siya ng damit dahil
nakahubad siya noon at saka lumusong sa
tubig. 8 Dumating sa pampang ang kasama
niyang mga alagad, sakay ng bangka at hila-
hila ang lambat na puno ng isda. Hindi sila
gaanong malayo sa pampang, mga
siyamnapung metro lamang.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

9 Pagkaahon nila sa pampang, nakakita sila
roon ng isdang iniihaw sa nagbabagang
uling, at ilang tinapay. 10 “Magdala kayo rito
ng ilang isdang nahuli ninyo,” sabi ni Jesus. 11
Kaya't sumampa sa bangka si Simon Pedro at
hinila sa pampang ang lambat na puno ng
malalaking isda; isandaan at limampu't tatlo
lahat ang nahuli nila. Hindi nasira ang lambat,
kahit ganoon karami ang mga isda.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

12 “Halikayo at mag-agahan kayo,” sabi ni
Jesus. Isa man sa mga alagad ay hindi
nangahas magtanong sa kanya kung sino
siya sapagkat alam nila na siya ang
Panginoon. 13 Lumapit si Jesus, kinuha ang
tinapay at ibinigay sa kanila. Ganoon din ang
kanyang ginawa sa isda.

14 Ito ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa
mga alagad pagkatapos na siya'y muling
mabuhay.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

**Pakainin Mo ang Aking mga Tupa**

15 Pagkakain nila, tinanong ni Jesus si Simon Pedro, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit sa mga ito?"

"Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo," tugon niya.

Sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon pakainin mo ang aking mga batang tupa."



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

16 Muli siyang tinanong ni Jesus, "Simon, anak
ni Juan, iniibig mo ba ako?"

Sumagot si Pedro, "Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo." Sabi ni Jesus, "Alagaan mo ang aking mga tupa."



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

17 Pangatlong ulit na tinanong siya ni Jesus,
“Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?”

Nalungkot si Pedro sapagkat tatlong beses siyang tinanong ng, “Mahal mo ba ako?”

At sumagot siya, “Panginoon, alam po ninyo ang lahat ng bagay; alam ninyong mahal ko kayo.”

Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pakainin mo ang aking mga tupa.



# Juan 21:1-19

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

18 Pakatandaan mo: noong bata ka pa, ikaw
ang nagbibihis sa iyong sarili at pumupunta
ka kung saan mo gusto. Ngunit pagtanda mo,
iuunat mo ang iyong mga kamay at iba ang
magbibihis sa iyo at dadalhin ka kung saan
hindi mo gusto." 19 Sinabi niya ito upang
ipahiwatig kung paano mamamatay si Pedro
at kung paano niya luluwalhatiin ang Diyos.
Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Jesus,
"Sumunod ka sa akin!"

## MAHALAGANG PRINSIPYO
# SA BUHAY

***"Kapag ang Panginoon na makatarungan at maawain ay sinaway ako, ikukumpisal ko ang kasalanan ko, magsisisi, hihingi ng Kanyang kapatawaran, at tatanggapin ko ang kahihinatnan ng kasalanan ko."***

# QUESTION 1

Sino ang pitong alagad na kasama sa talata?

PAGTUKLAS

Juan 21:1-19

# QUESTION 2

Ano ang pinaghirapan ng mga alagad sa talata?

PAGTUKLAS

Juan 21:1-19

# QUESTION 3

Sa bersikulo 5 at 6, sa kabila ng hindi lubos na nakikita kung sino ang tumatawag sa kanila, nakinig pa rin ang mga disipulo sa mga tagubilin ni Jesus sa kanila. Ano ang mga tagubilin ni Jesus sa mga alagad at ano ang huling resulta?

PAGTUKLAS

Juan 21:1-19

# QUESTION 1

Bakit hindi agad nakilala ng mga disipulo si Jesus nang tawagin Niya sila? Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng presensya ni Jesus at ang Kanyang mga tagubilin kay Pedro at sa iba pang nagsisikap na manghuli ng isda?

**PAG-UNAWA**

Juan 21:1-19

# QUESTION 2

Tinanong ni Jesus si Pedro ng tatlong tanong sa dulo ng talata. Pareho ba ang mga tanong na ito? Ano ang sinisikap ni Jesus na bigyang-diin dito?

PAG-UNAWA

Juan 21:1-19

# QUESTION 3

"Mula sa talata 15, bakit tinanong ni Jesus ang tila paulit-ulit na mga tanong na ito, na sinundan ng mga utos? Ano ang sinisikap niyang bigyang-diin dito?

## PAG-UNAWA

Juan 21:1-19

# QUESTION 1

Ikaw, mahal mo ba si Hesus? kung ang tatlong tanong ay ibibigay sa iyo, ano ang iyong magiging reaksyon/tugon?"

## PAGTUGON

Juan 21:1-19

# QUESTION 2

Nagsumikap ka na ba sa isang bagay na kakaunti o walang nakikitang resulta? Ano ang iba pang mga sitwasyon sa palagay mo ang nagpapahina sa iyo sa pagsunod kay Jesus? Paano ka tumugon sa kahirapan na ito, at ano ang iyong ginawa? Bilang isang grupo, tukuyin ang mga hakbang upang maiugnay ang mensahe ng talatang ito sa mga sitwasyong tulad nito.



## PAGTUGON

Juan 21:1-19

# QUESTION 3

Kapag ikaw ay nasa lugmok at nasiraan ka ng loob, paano mo muling mapapapasigla ang iyong pagmamahal kay Jesus at patuloy na sumusunod sa kanya?



## PAGTUGON

Juan 21:1-19

# Juan 21:1-19

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

MAHALAGANG PRINSIPYO

# SA BUHAY

**"Iibigin ko ang Panginoon kong Diyos, at hahanapin kong sundan siya kahit na sa harap ng panghihina ng loob (o sa lahat ng pagkakataon)."**


Small Group Sessions
Pangwakas na Panalangin
25

Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

Juan 21:1-19

See You Next Week!

SMALL GROUP SESSIONS

Kamuning Bible Christian Fellowship

Dealing with SIN & FAILURES

KBCF

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584